Plano at Playbook na Pro-Equity Anti-Racism (PEAR, Para sa Pagkakapantay-pantay at Laban sa Racism) ng Estado ng Washington

Tara Smith 0:01

Ako si Tara Smith, at ipinagmamalaki kong maging Direktor ng Department of Enterprise Services (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangnegosyo). At ngayon, isang karangalan na maibahagi sa inyo ang pahayag at pagsuporta ng ahensiya sa Executive Order 22-04 ni Gobernador Inslee. Ipinatutupad sa Executive Order na ito ang Plano at Playbook na Pro-Equity Anti-Racism (o PEAR, Para sa Pagkakapantay-pantay at Laban sa Racism) ng Estado ng Washington. Nag-aatas din ito sa lahat ng ahensiya ng gabinete na gumawa at magpatupad ng Estratehikong Plano ng Pagkilos para sa PEAR. Bisyon ni Gobernador Inslee na makagawa ng PEAR ecosystem sa buong estado ng Washington. At binigyang-linaw niya na may tungkulin at pananagutan ang bawat lider ng ahensiya para sa pagkamit ng mga resultang kaugnay ng PEAR. Kaya, sa pamamagitan ng pahayag na ito, ako ay naninindigan. Sa Department of Enterprise Services, o DES, malaki ang naidudulot naming epekto sa maraming serbisyo sa iba't ibang panig ng estado. Kinikilala namin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsali sa lahat ng tao sa lahat ng aspekto ng aming trabaho upang maisakatuparan ang misyon naming pagtibayin ang negosyo ng gobyerno. Isa pa, sadyang ito ang tamang gawin.

Dr. Adrian Thompson 1:32

Ako si Dr. Adrian Thompson, at ako ang Chief Equity Officer dito sa Department of Enterprise Services. Pangunahing priyoridad namin ang trabahong ito. Bagamat hindi na namin mababago ang mga kagawiang mapang-api at mapandiskrimina sa nakaraan, nasa kamay naman namin kung paano huhubugin ang kasalakuyang kultura sa aming pinagtatrabahuhang lugar at ang mga serbisyong ibinibigay namin sa mga pang-estado at lokal na gobyerno.

Tara Smith 2:00

Ang aking Leadership Team, na nakikipagtulungan nang mabuti sa bago naming DES PEAR Team, ay naninindigang makabuo ng kapasidad na kailangan upang magawa ang trabahong ito sa makabuluhang paraan. Iba-iba ang aming mga tungkulin depende sa linya ng negosyo. Pero alam namin na dapat magampanan ng bawat isa ang kani-kaniyang papel para tiyaking nakikipagtulungan kami nang lubos sa mga customer at stakeholder.

Jason Marquiss 2:27

Ako si Jason Marquiss, at ako ang Chief Operations Officer dito sa DES. Sa inisyal na yugto ng aming Estratehikong Pagpaplano para sa PEAR, tatlong Pamumuhunan sa Linya ng Serbisyo para sa PEAR ang pinagsisikapan namin. Una, gagawin at itatalaga namin ang aming Estratehikong Plano ng Pagkilos para sa PEAR sa aming mga Linya ng Pamunuan, Operasyon, at Serbisyo upang masuportahan ang mga layunin sa pagkakapantay-pantay ng ahensiya, pati na rin ang mga layunin ng lahat ng iba pang ahensiya

ng estado na sinusuportahan namin. Pangalawa, gagawa kami ng estratehiya kung paano makikipag-ugnayan sa komunidad na tutulong para tiyaking nagkakasundo ang lahat sa larangan ng pagnenegosyo at may paraan para makipag-ugnayan at makipagtulungan sa komunidad kaugnay ng PEAR. At pangatlo, magtataguyod kami ng mga mekanismong susuporta sa maliliit na ahensiyang pinaglilingkuran ng DES upang matulungan silang makabuo ng kapasidad na makapagsimula ng mga estratehiya para sa PEAR na magdudulot ng positibong epekto sa kanilang mga customer at miyembro ng komunidad.

Tara Smith  3:33

Karangalan kong mapamunuan ang trabahong ito sa buong ahensiya, at nasasabik akong makasama sa tunguhing ito ang bawat isa sa inyo, ang aming mga kaakibat, at ang Office of Equity (Tanggapan para sa Pagkakapantay-pantay). At gusto kong malaman mula sa inyo ang lagay ng aming pagtatrabaho, ang mga bagay na mapapabuti pa namin, at marahil, kung paano kayo makakasali sa amin sa paggawa ng ecosystem para sa pagkakapantay-pantay at laban sa racism. Salamat.